**Division of City Schools**

**Pasay City**

**SUMMATIVE TEST 1-IKATLONG MARKAHAN-SA ARALING PANLIPUNAN I**

**T.P. 2021-2022**

PANGALAN: ___________________________________ PETSA: _______________

BAITANG AT SEKSYON: __________________________ GURO: ________________

**Panuto: Basahing mabuti ang bawat aytem. Isulat sa patlang ang letra ng tamang sagot.**

__________ 1. Alin sa mga sumusunod na lugar sa pamayanan ang pinupuntahan ng mga batang nais matuto ng mga kaalaman tulad ng pagbabasa, pagbibilang at pagsusulat?

A. simbahan B. paaralan C. ospital

__________ 2. Si Sammy ay nag-aaral sa Jose Rizal Elementary School. Ang paaralan niya ay ipinangalan sa ____________.

A. lugar kung saan ito matatagpuan
B. bayani ng ating bayan
C. pangulo ng Pilipinas

__________ 3. Dapat ba nating pahalagahan ang ating paaralan?Bakit?

A. Opo, dahil nagkakaroon ako ng baon.
B. Opo, dahil nagagawa ko ang gusto ko.
C. Opo, dahil dito tayo natututo ng mga mabubuting bagay.

__________ 4. Paano mo maipapakita ang iyong pagpapahalaga sa iyong paaralan?

A. Sundin ang mga alituntunin ng paaralan.
B. Sirain ang mga kagamitan sa loob ng paaralan.
C. Ipagsawalang bahala ang itinuturo ng mga guro.

__________ 5. Alin sa mga sumusunod na pangkat ng mga lugar ang makikita sa iyong paaralan?

A. palengke, botika at mall
B. kantina, silid-aralan at sinehan
C. silid-aklatan, klinika at tanggapan ng punungguro

__________ 6. Sa bahaging ito ng paaralan tinuturuan ang mga bata ng iba't-ibang kaalaman tulad ng pagbabasa, pagbibilang at pagsusulat.

A. silid-aralan B. klinika C. palaruan



LIVEWORKSHEETS

__________ 7. Nais ni Tina na magbasa ng aklat. Saang bahagi siya ng paaralan pupunta?

A. palaruan B. silid-aklatan C. kantina

__________ 8. Nasa paaraalan si Kim nang biglang sumakit ang kanyang ulo. Saang bahagi ng paaralan siya pupunta?

A. palaruan B. kantina C. klinika

__________ 9. Alin sa mga sumusunod ang mabuting maidudulot ng malinis at tahimik na kapaligiran ng paaralan sa mga mag-aaral?

A. Madaling matututo ang mga mag-aaral.
B. Nawawalan ng gana sa pag-aaral ang mga mag-aaral.
C. Nahihirapang matuto ng iba't-ibang kaalaman ang mag-aaral.

__________ 10. Ayaw pumasok ni Jam sa paaralan dahil hindi niya naririnig ng maayos ang itinuturo ng kanyang guro. Ano kaya ang dahilan nito?

A. Malinis ang paligid ng kanilang paaralan.
B. Tahimik ang paligid ng kanilang paaralan.
C. Maingay ang paligid ng kanilang paaralan.

__________ 11. Malaki ang epekto ng pisikal na kapaligiran ng paaralan sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Alin kaya sa mga sumusunod na katangian ng paaralan ang makabubuti sa mga mag-aaral?

A. Malinis at tahimik na paaralan.
B. Maingay at masikip na paaralan.
C. Paaralang malapit sa mall at palengke.

__________ 12. Sino ang namumuno at nangangasiwa ng mga pangangailangan ng paaralan?

A. punungguro B. guwardya C. doktor

__________ 13. Bakit mahalaga ang guro sa paaralan?

A. Dahil sila ang nagpapanatili ng kalinisan sa paaralan.
B. Dahil sila ang nagpapanatili ng kalusugan ng mga mag-aaral.
C. Dahil sila ang nagtuturo at pumapatnubay sa mga mag-aaral.

__________ 14. Alin sa mga sumusunod ang tungkulin ng guidance counselor?

A. Siya ang nagtuturo sa mga mag -aaral.
B. Siya ang nagbibigay ng payo sa mga mag-aaral.
C. Siya ang namamahala sa mga aklat na ginagamit ng mga mag-aaral.

__________ 15. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng pagpapahalaga sa mga kawani ng paaralan?

A. Itapon ang basura kung saan-saan.
B. Hahayaan na lamang sa mesa ang aklat na ginamit.
C. Magsusuot ng ID at uniporme kung papasok ng paaralan.


LIVEWORKSHEETS

Division of City Schools, Pasay City

IKATLONG MARKAHAN

SUMMATIVE TEST 2- SA ARALING PANLIPUNAN I

T.P. 2021-2022

PANGALAN: ________________________________ PETSA: ______________

BAITANG AT SEKSYON: ________________________ GURO: ______________

**Panuto: Basahing mabuti ang bawat aytem. Isulat sa patlang ang letra ng tamang sagot.**

________ 1. Siya ang una mong nakikita pagpasok mo ng paaralan.

A. dyanitor B. guro C. gwardiya

________ 2. Ang pamumuno at pangangasiwa sa paaralan ay ginagawa ng __________.

A. magsasaka B. nars C. punong-guro

________ 3. Sino ang nagpapanatili ng kalinisan ng ating paaralan?

A. dyanitor B. kartero C. mananahi

________ 4. Sumakit ang tiyan ni Danny at dinala siya sa klinika. Sino ang hahanapin niya?

A. nars B. pulis C. sundalo

________ 5. Siya ang nagtuturo sa mga mag-aaral na magbasa at magsulat?

A. doktor B. guro C. panidero

**Lagyan ng 🙂 masayang mukha kung ito ay pagsunod sa alituntunin ng paaralan at 🙁 malungkot na mukha naman kung hindi.**

◯ 6. Panatilihin ang tamang haba/ikli ng buhok sa mga lalaki.

◯ 7. Magsuot ng tamang uniporme sa loob ng paaralan.

◯ 8. Pumasok ng maaga sa paaralan.

◯ 9. Ikalat sa loob silid-aralan ang mga pinagkainan.

◯ 10. Magpaalam sa guro tuwing lalabas ng silid-aralan.



LIVEWORKSHEETS

**Panuto: Basahing mabuti ang bawat aytem. Isulat sa patlang ang letra ng tamang sagot.**

_________ 11. Ano ang kahalagahan ng pag-aaral at pagpasok sa paaralan?

A. nagiging tamad
B. nagiging mayabang
C. natututong bumasa at sumulat

_________ 12. May mabuti bang naidudulot ang pag-aaral sa iyo? Bakit?

A. Opo, dahil palagi akong may baon.
B. Opo, dahil magkakaroon ako ng magandang trabaho.
C. Opo, dahil magagalit si Nanay pag hindi ako pumasok.

_________ 13. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang **HINDI** Alituntunin ng Paaralan?

A. Pumila ng maayos.

B. Magkalat sa loob ng paaralan.

C. Magsuot ng I.D. pagpasok sa loob ng paaralan.

_________ 14. Si Danny ay pumapasok ng maaga sa Paaralan. Ito ba ang magandang gawain?

A. Opo, dahil para hindi ako masarhan ng gate.

B. Opo, dahil malalaman ko lahat ng aralin sa aming klase.

C. Opo, dahil magagalit ang guro kapag nahuli ako sa klase.

_________ 15. Pinapila na kayo ng inyong guro para sa inyong pag-uwi ngunit ang iba ninyong kaklase ay tumakbo ng hagdan. Tama bang gawain ito?

A. Hindi po, dahil baka madapa sila sa hagdan.

B. Hindi po, dahil hindi nila alam ang palabas.

C. Hindi po, dahil huhulihin sila ng gwardiya.

Inihanda ni:
Gng. Joan M. Villaranda
Gotamco Elem. School



LIVEWORKSHEETS